

PAUNAWA SA PAGTIGIL NG SERBISYO

Ayon sa mga tala ng Tanggapang ito, ipinapakita na mayroong balanseng hindi nabayaran ang iyong account. Hindi na ipagpapatuloy ang serbisyo maliban kung matanggap ang buong bayad sa petsang nakasaad sa pambungad na pahina ng paunawang ito. Hindi itinuturing ang mga postmark (tatak ng koreo) bilang petsa ng pagbabayad. Kung binayaran ang isang huling bill gamit ang isang tsekeng ibinalik ng bangko, magdaragdag ng singil para sa hindi pagbabayad (non-payment fee) at singil para sa ibinalik na tseke, at maaaring itigil ang serbisyo.

Makikita ang Patakararan sa Hindi Pagpapatuloy ng Serbisyo sa Tubig ng Distrito sa website nito (www.ncsd.ca.gov) o sa tanggapan nito. Nagbibigay ang Patakararan ng mga detalye ng mga pamamaraan sa pag-apela ng bill na ito at pag-apply para sa isang alternatibong plano ng pagbabayad, pagpapahaba ng palugit, pagpapaantala, o pagbabawas ng mga hindi nabayaranang singil. Kung hihilingin mong iapela ang bill na ito, dapat kang maghain ng isang petisyon sa Tanggapang ito sa loob ng 5 araw ng negosyo mula sa pagkatanggap ng paunawang ito. Dapat isumite ang mga kahilingan para sa pagpapahaba ng palugit/mga alternatibong plano ng pagbabayad sa pamamagitan ng sulat sa Tanggapang ito nang hindi lalagpas sa 2 araw ng negosyo bago ang pagtigil. Pinapahintulutan ang hindi hihigit sa isang pagpapahaba ng palugit/alternatibong plano ng pagbabayad kada 18 buwan. Tingnan ang Patakararan para sa higit na detalye.